




ako ay
BATA





Ang Stairway Foundation Inc., ay isang non-stock, non-profit, Non-Governmental Organization (NGO) na matatagpuan sa Pilipinas. Itinatag ito noong 1990 nina Lars C. Jorgensen at Monica D. Ray bilang isang alternatibong paraan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga batang napabayaan at inabuso.

Ngayon, ang SFI ay umunlad at lumawak bilang isang Learning Resource Center na may malaking hanay ng mga program at aktibidad upang maitaguyod at maprotektahan ang mga karapatan ng mga bata alinsunod sa Pangdaigdigang Karapatan ng Bata ng United Nation.

Patuloy na sinusubukan ng Stairway na maabot at maprotektahan ang mas maraming bata sa pamamagitan ng pagsasanay sa nagbibigay ng pangangalaga sa bata at sa pamamagitan ng adbokasiya. Layunin namin na makabuo ng mga bagong estratehiya at programa upang lubos na mapahusay ang aming kakayahan bilang isang pinaka makabago at epektibong NGO ng Mga Karapatang Pambata.

Ang makulay na koleksyon ng mga likhang sining na sumasalamain sa mga pahina ng akdang ito ay nilikha ng mga bata sa aming programa. Ang pagtangkilik sa librong ito ay makakatulong upang mapanatili at mapalawak ang aming gawain na maprotektahan at mabigyan ng pansin ang mga batang napabayaan.

Maging Masaya!

ako ay BATA

Isinulat ni Monica D. Ray

Likhang Sining ng Mga Batang Stairway at Mga Kabataan ng Stairway Youth for Change Camp

Disenyo at Layout ni Med Ramos

May karapatan ako na magkaroon ng pangalan at nasyonalidad.

Ako si Mark. Ipinanganak ako noong November 20, 2003, ito ay araw ng Pandaigdigang Selebrasyon ng Bata, na pinagtibay ng United Nations ang Pangdaigdigang Karapatan ng Bata (UNCRC) noong 1989.

Ang UNCRC ay isang dokumento na nilikha upang maprotektahan ang mga karapatan ng bata sa buong mundo. Sinasabi nito na . . .



May karapatan
ako na
magkaroon ng
pamilya at
tirahan.

Ito ang aking pamilya.



**May karapatan
ako na
magkaroon ng
edukasyon.**

Gustong-gusto ko ang
paaralan at makapag-aral
ng mabuti.



May karapatan
ako na
magkaroon ng
masustansiyang
pagkain at
malusog na
pangangatawan.

Ako ay kumakain ng 3 beses
sa isang araw. Gustong-gusto
ko ang mga sariwang prutas
at gulay. Pinapanatili nila
akong malakas at malusog.
Nakakapag-isip ako kapag
ako ay nasa paaralan.



May karapatan
ako na lumaki
sa isang malusog
at mapayapang
kapaligiran.

Gustong-gusto ko ang
karagatan at lahat ng nasa
loob nito.



May karapatan
ako na
mapabilang sa
isang pangkat
at maging
aktibo sa aking
pamayanan.

Masaya akong kasama ang
aking mga kaibigan at
naglalaro ng isports.



May karapatan
ako na
mapalago at
mapaunlad ng
lubos ang
aking kakayahan
at potensyal.

Sa aking paglaki nais kong
tumulong para maprotektahan
ang kapaligiran.



May karapatan
ako na
makapagpahinga
at makapaglaro.

Ang aplaya ay aking palaruan.
Ako at aking mga kaibigan ay
naglalaro doon araw-araw.



**May karapatan
ako sa
impormasyon.**

Sa pamamagitan ng aking
pamilya, aking mga kaibigan,
aking mga guro, at sa
pamamagitan ng teknolohiya
tulad ng telebisyon at Internet,
mas naiintindihan ko ang
mundo sa aking paligid.



**May karapatan
akong ipahayag
ang aking
opinyon at
mapakinggan.**

Masarap sa pakiramdam na
malaman na ang aking ideya
at opinyon ay pinapahalagahan
at maaari akong makilahok sa
paggawa ng desisyon.



Ngunit...
Hindi ko
matatamasa ang
aking karapatan
kung ako ay
inaabuso sa
anumang
paraan:
Pisikal, mental,
emosyonal o
sekswal.

Ang mga nakakatanda ang
dapat magbigay ng proteksyon
sa mga bata sa lahat ng anyo
ng pang-aabuso at
pagsasamantala.



Nais kong
maniwala ang
buong mundo sa
aming mga bata.
May kakayahan
kami na lumikha
ng maayos na
mundo.



Ang bawat tao
ay may
karapatan.
Tulungan ninyo
na protektahan
at maisulong
ang karapatang
pambata sa
buong mundo.



Pangarap ng Stairway

Sa pamamagitan ng pagbabago, malikhaing kahusayan at propesyonal na pakikipag-ugnayan, kami ay nagsusumikap para sa pangdaigdigang pagsulong at pagtataguyod ng Pandaigdigang Kasunduan ng Karapatang Pambata.




Mark Galang
The right to a name and a nationality.




Children from Youth
 for Change Camp
*The right to nutrition and
 good health.*



Christian Z. Oraye
The right to a family.



Rey B. Diestro
*The right to a safe and
 peaceful environment.*



Wilmer D. Salazar
The right to an education.



Mark Galang
*The right to be part of a
 group and to be active in
 the community.*



Children from Youth
for Change Camp

*The right to grow and
develop abilities and
potentials.*



Children from Youth
for Change Camp

*The right to express
opinions and to be heard.*




Children from Youth
for Change Camp

The right to play and rest.



Children from Youth
for Change Camp

*The right to be protected
from all forms of abuse.*



Children from Youth
for Change Camp

The right to information.



Children from Youth
for Change Camp

*Every Human has Rights.
Respect, protect and
promote children's rights
now!*



Main Office: Barangay Aninuan, Puerto Galera, Oriental Mindoro 5203, Philippines • +63 917 8431922 • 0947-8909-640
www.stairwayfoundation.org • www.elearning.stairwayfoundation.org

© 2012 by Stairway Foundation, Inc
First Printing, Dec. 2012